
# Gabay sa ngipin
# Kapanganakan sa 3 taong gulang

**Paglabas/Pagtubo Ng Ngipin**

Ang mga ngipin ng sanggol ay karaniwang lumalabas pagdating ng ika-6 buwan, Huwag mag alala  kapag maaga o kung minsan ay umaabot ng isang taon bago ang pagtubo nito. MadalasNagsisimulang tumubo ang unang ngipin sa ibaba at pagsapit ng edad na 2 o 3 taon gulang karamihan sa mga bata ay mayroon ng 20 ngipin.






**Pag-aalaga Sa Mga Ngipin Ng Sanggol**

Simulan ang maagang kaugalian na pag-aalaga at paglilinis ng  mga ngipin ng sanggol. Makakatulong ito sa iyong anak na malaman ang mabuting gawi tungkol sa kalinisan ng bibig. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng malulusog na ngipin, mapoprotektahan mo ang permanente niyang mga ngipin pagdating ng hustong gulang na mga ngipin.Sipilyuhin ang kanilang ngipin dalawang beses sa isang araw at pagkatapos kumain. Ang pinakamainam na mga oras ay umaga at sa gabi. Painumin ng tubig ang bata pagkatapos magpasuso o magpadede sa bote para mabanlawan ang ininom na gatas.

**Mabuting Kaugalian sa Kalusugan**

Pagdating sa pangangalaga sa bibig, magsisimula ang mabuting kaugalian sa pag-aalaga ng kalusugan sa sandaling ipanganak ang iyong anak. Pagkatapos ng bawat pagpapakain, ang mga bata ay maaaring uminom ng tubig upang makatulong ito na malinis ang kanilang mga bibig. Tandaan, huwag hayaan na matulog ang bata na may bote sa kanyang bibig.Dalhin ang bata sa dentista para sa pagsusuri pagsapit ng edad na 1. Kung naghihinala o may mga pag-aalinlangan ka tungkol sa kalusugan ng bibig o ngipin ng iyong anak, makipag-ugnay agad sa dentista o manggagamot sa lalong madaling panahon.